# Huli ka na at Luma ka na

*written by stainless_pen ♥*

**"Ok, time's up! Pass your papers!"**

Uwaaaaaaa! Wait laaaaaang! Isang tanong nalang! Wooooo! Go Ana! Go! Kaya mo to!

teka, ano bang sagot dito?

**"Pass your papers or else I will not accept it anymore. In 5.... 4.... 3.... 2....1---"**

After 30 seconds

**"Ma'am, maawa ka na po, tanggapin niyo nalang po puhlease?"** pagmamakaawa ko kay ma'am with matching puppy eyes pa.

**"Sorry miss Yuzon pero you're late already. I gave you an extension of 5 seconds pero hindi mo parin pinasa. I'll go out now."**

**"o-ok ma'am."**

Yun nalang ang tanging nasabi ko kay ma'am at tuluyan na siyang lumabas. Bumalik na ako sa upuan ko pero bago pa ako nakarating dun, may halimaw na kumausap sa akin. Oo, halimaw, halimaw sa kagwapuhan.

**"Huli ka na."**

**"Oo, alam ko."** atsaka ko siya binelatan. Bumelat naman siya pabalik sa akin.

Pasalamat ka mahal kita kaya hanggang belat nalang ako sa'yo, dahil kung hindi, sus! Kanina pa siguro kita sinigawan.

Louis Tomlinson. Yan ang pangalan nung halimawng sabi nang sabi sa akin na huli na daw ako. Alam ko naman eh! Kailangan pa bang ipamukha sa akin na huling huli na ako? Matagal na niya yang sinasabi sa akin kapag nahuhuli ako. Kahit sa pagpunta sa school, tuwing nalalate ako, pagpasa ng papers tulad nung kanina, pagpunta sa canteen kahit alam kong tumunog na ang bell para sa susunod na klase, sinasabihan niya parin ako ng HULI KA NA. Nakakainis! Nakakairita! Pero sa kabila ng lahat ng yun, di ko magawang magalit sa kanya. Lecheng puso kasi, lumalakas ang tibok tuwing kinakausap niya ako.

Balita ko pa nga noon, may gusto daw siya sa akin. Di ko lang naman pinapahalata na gusto ko rin siya. Malay mo, bali-balita lang naman diba? Maaring tsismis lang. Pwedeng totoo, pwedeng hindi. Ang hirap kasing umasa, baka masaktan pa ako lalo pag hindi talaga totoo.

**"Ana, may practice daw ng sayaw mamaya pagkatapos ng klase, sasali ka ba?"**

**"uhh, oo, sige, salamat."**

Lumingon ako sa direksyon ni Louis, ayun, tama nga ako. Tama lang na hindi ako naniwala sa bali-balita. Katabi niya ngayon si Kaye na sa pagkakaalam ko, ang babaeng nililigawan niya. Balita nanaman? hmm, sana oo, pero mukhang hindi. Mukhang seryoso nga siya kay Kaye. Nililigawan siguro talaga niya yan. Ang close-close nga nila ngayon oh, panay tawa. Ang laki ng ngiti ni Louis. Yang ngiting yan, dyan ako nahumaling eh.

nahumaling? Nyaks, corny ko. =___=

Mabilis namang natapos ang klase kaya tuwang tuwa akong pumunta sa locker at iniwan yung mga libro ko. Pero pagbukas ko palang, may nagpukaw na ng attensyon ko, may 1/4 na papel na nakalagay sa may butas ng pinto ng

locker, ang nakalagay...

***"Huy, like kita ana."***

kung ano mang crocodile ang pumasok sa utak ng taong nagsulat nito ay di ko alam. =__=

Ang hindi ko lang maintindihan, biglang lumakas ang tibok ng puso ko. Eh sa pangit ko ba namang 'to ay may magkakagusto sa akin? Malabo.

Pinagtritripan nanaman ako nito eh. At kung sino man siya, kung maka "huy" halatang inlove na inlove sa akin. ("=_=)

Perstaym kong pagsabihan nito kaya siguro 'tong heartbeat ko— ay letsugas lang! Bakit ang bilis?!

Inipit ko nalang yung papel sa isa sa mga libro ko at sinirado na yung locker ko. Saktong nagwild na rin yung mga alaga ko sa tyan kaya nagpasya muna akong dumaan sa canteen at bumili ng makakain.

**"Ate, sampu pong chocnuts."**

**"luma ka na."** pamilyar yung boses kaya napalingon ako sa katabi ko. At ang tanging nasabi ko nalang...

**"woah, bagong line ah. Congrats! May natutunan ka na ding iba."** pagtataray ko sa kanya habang nakasmile tapos binelatan ko kaya bumehlat din siya pabalik.

Ngumiti siya at tumalikod na. Kinuha ko na yung pinamili ko at susundan ko pa sana siya kaso bigla nalang nawala. Tumakbo yata.

Naupo muna ako dun sa isa sa mga tables ng canteen at kinain yung pinamili ko. Mula sa malayo, natatanaw ko yung school grounds na may konting kahoy at sa ilalim ng isang puno, may nakatambay na isang lalakeng naka-akbay dun sa katabi niyang babae. Ang sweet naman nila. Bakas din sa mga mukha nila ang kasiyahan at pagiging in love sa isa't isa. Kaya napa-isip ako, ano kaya kung ako yung babae? Ano kaya kung... si Louis yang katabi ko dyan? Dadating kaya yung araw na yun? Yun bang sasaya siya sa tabi ko tapos hindi na niya uulitin yang famous line niyang *"huli ka na"*.

Nagsimula nang umambon kaya umalis na yung lovebirds sa ilalim ng puno. Dun ko lang narealize na—teka, anong oras na ba? Tumingin ako sa orasan ko tsaka dun naman sa lovebirds. Papunta silang PE room.

Anak ng sinugbang chocnut! May praktis pa pala ngayon sa PE room!

Dali-dali ko nang iniligpit ang mga gamit ko sa mesa at tumakbo patungong kabilang building.

Takbo ako nang takbo hanggang malapit na ako sa PE room. Hala, 15 minutes na akong late. Sana wala pa yung instructor namin. Patay na talaga ako nito, hindi pa naman yun magpapapasok pag late na.

Kaya lang, napahinto nalang ako sa pagtakbo nang may nakita akong isang babae at lalake na nakaupo sa labas ng PE room. Si Louis at si Kaye. Napansin kong tumayo si Kaye at pumasok ng PE room which means naiwan si Louis na nakaupo dun. Tumayo siya pero nakatungo.

Lumakad pa ako papunta sa pinto ng PE room at papalapit na din ako sa kanya. Nasa may tapat na niya ako nang bigla siyang nagsalita.

**"Luma ka na."**

Bwisit.

Di ko na kaya 'to.

Humarap ako sa kanya pero nakatungo parin siya.

*sigh*

Kaya ko 'to.

Naramdaman kong may namumuong luha sa mga mata ko pero bahala na. **"T-tama na please? L-louis, hindi ko na kaya eh! K-kung 'yang mga salita lang naman ang gusto mong sabihin sa akin wag nalang please! Tao din naman ako! N-nasasaktan ako Louis! Louis g-gusto kita kaya hindi ako sumuko kahit yan lang ang mga sinasabi mo! Kaya hanggang behlat nalang ang magagawa ko sa'yo! Kung luma na ako o kung huli na ba ako ok lang! Kaya kong tiisin! Nakakainis at Nakakairita! Pero tinitiis ko! Pero ngayon suko na ako. Ayoko na! Masakit na eh! Siguro nga huli na talaga ako. Alam kong huli na ako dahil malamang kayo na ni Kaye ngayon pero Louis, gusto ko lang malaman mong m-mahal kita. Sana sasaya ka kay Kaye. S-salamat sa masasakit na salitang binitawan mo sa akin. Sana babalik na ako sa dating Ana na hindi ka kilala at hindi ka minahal."**

**"Huli ka na."**

Huli na nga ako. Ibig sabihin sila na nga ni Kaye. Huli na nga ako.

Patuloy parin ang agos ng mga luha ko kaya wala na akong ibang ginawa kundi ang tumakbo palayo.

Bubwit! Leche! Piste! Ganito pala kasakit ang magmahal?! Ano bang kasalanan ko at nasaktan ako ng ganito?! Sh*t! Ganito pala ang napapala ng nagmamahal?! Sh*t! Tanga! Isa akong dakilang tanga!

Tumatakbo parin ako sa corridor at malayo layo na rin ako sa PE room. Nadaanan ko na rin ang isang building nang may yumakap bigla sa likod ko.

**"Gotcha! Huli ka na!"**

Pilit kong makawala sa yakap niya pero hindi ko kaya. Ang lakas-lakas niya. **"Tama na! Oo huli na nga ako! Oo luma na nga ako dahil lang sa chocnut! Oo huli na ako pero ano ba! Pati ba naman puso ko huhulihin mo?! Tama na Louis! Ayoko nang umasa! Butas na ang puso ko!"**

Hindi siya umimik. Kinalaunan, naubos na yung lakas ko kaya hinayaan ko nalang siyang ikulong ako sa mga

braso niya hanggang sa puro nalang hikbi ko ang naririnig namin.

**"Ana, may sasabihin ako sa'yo pero wag kang magsalita habang nagsasalita ako okay?"** bulong niya sa akin at nagbuntong hininga siya. **"Hindi kami ni Kaye at kahit kailan man, hindi ko nagustuhan si Kaye."**

Napakunot ang noo ko pero hindi parin ako kumibo. Hindi ko alam ang nararamdaman ko ngayon. Sasaya ba ako? Maiinis sa sarili ko? Tatakbo ba ako? Iiyak? O makikinig sa kanya?

**"Louis---"**

**"shhh. Sabi ko wag ka munang magsalita. Hayaan mo muna akong yakapin ka."**

**"Ana, sorry kung naiinis ka sa akin. Sorry kung inaasar kita. Sorry kung nagmamanhid-manhiran ako. Sorry kung sinasabihan kita ng huli ka na at luma ka na. Hindi mo naman kasi alam kung anong tunay na ibig sabihin nun."**

**"A-ano bang meaning nun?"**

**"Alika dito."**

Lumayo siya sa pagkakayakap sa akin at hinigit ang kamay ko. Dinala niya ako pabalik sa labas ng PE room. Dahan-dahan niyang binuksan ang pinto at nagulat nalang ako dahil madilim sa loob.

Binitiwan ni Louis ang kamay ko at pumunta siya sa switch at in-on ang mga ilaw.

Laking gulat ko nalang sa mga tumambad sa harap ko. Si Kaye at yung dalawang lovebirds na nakita ko kanina. Si Louis naman ang nasa dulo na may hawak na cake. May hawak-hawak silang balloons. May isang word na nakalagay sa bawat balloon. At ang nakalagay:

***"HUy LIke Kita ANA"***

Teka, ano to? Setup? Walang practice?

**"Ana, basahin mo yung mga capital letters."** sabi ni Louis habang naka nga-nga pa ako sa gulat.

Binasa ko nga yung capital letters. HULI KANA. Pero hindi lang pala yun. Inikot nila ang balloon at may nakalagay nanaman.

**Luv U, MAhal Kita ANA**

Binasa ko naman ang capital letters. LUMA KANA. Biglang lumapit si Louis sa akin habang nakangiti at dala-dala yung cake.

**"Ngayon alam mo na."**

**"Huli ka na. Sumuko na ako eh."**

**"Kahit sumuko ka na hindi parin huli ang lahat. Liligawan at liligawan parin kita kahit luma na ang panghaharana. Ana, mahal kita at kahit magunaw man ang mundo, maluma man ang 1/4 sa locker mo, mahuli ka man sa pagpasa ng test paper mo, maubos man ang chocnut sa canteen, ikaw parin ang nag iisang Ana na para sa akin."**

Ngumiti ako at napatingin ako sa cake na dala niya. **"T-teka, p-paano mo nalaman na birthday ko ngayon?"**

**"sus Ana! Kung alam mo lang dakilang stalker mo yan!"** biglang singit ni Kaye mula sa malayo.

**"uy, wag ka ngang umepal."** at lumingon si Louis sa akin. **"Malilimutan ko ba naman ang birthday ng pinakamamahal ko?"**

**"Corny naman nito. May paganito-ganyan pang effect eh mahal din naman kita."**

Hinigit niya ako at niyakap. **"Bahala nang corny basta seryoso kesa naman sa havey na puro loko."**

Kiniss niya ang tuktok ng ulo ko. **"ILYANA, happy birthday."**

**"huh?"** so bago nanaman pangalan ko ngayon?

**"sabi ko I Love You ANA, happy birthday."** :)

**"Salamat. I Love You too, chocnut."**

Ako si Ana Yuzon, at ang puso ko'y hinuli ni Louis Tomlinson. <3

**

**"Ana! Gising malapit nang mag time at mukhang wala ka pang nasasagot."**

**"Ok, time's up! Pass your papers!"**

hala! nakatulog ako sa exam?! Tapos si Louis pa ang tumawag sa akin?! OMG! O__O

END ♥